


DAAN PATUNGONG MAHUSAY NA PANIMULA



UNANG HAKBANG Unang Kontak

- kontakin ang Serbisyo ng Pagpapatala at Impormasyon sa: **1800 242 636**, at ikaw ay ididirekta sa Tagapayo ng RIS sa iyong lokal na lugar
- maaaring ikumpirma ng Tagapayo ng RIS ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak batay sa edad o pagsusuri
- ipapaalam sa iyo ng Tagapayo ng RIS ang kinakailangang mga dokumento para sa pagpapatala (tingnan ang ikalawang hakbang)
- Maaari kang gumawa ng appointment sa isang Tagapayo ng RIS upang tumulong sa iyo sa proseso ng pagpapatala. Ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng personal na pakikipagkita, telepono, webcam, email or video link

IKA-2 HAKBANG Pagpapadala ng Kinakailangang mga Dokumento

Upang matasa para sa pagiging karapat-dapat kailangan mong magkaroon ng:

- **nakumpletong Application Form** (mula sa brosyur na ito)
- **nakuha sa Centrelink na Customer Reference Number (CRN) ng iyong anak,**
- **katibayan ng edad ng iyong anak** (hal. sertipiko ng kapanganakan ng bata, pasaporte o nabanggit na katibayan ng kapanganakan mula sa Centrelink),
- **nakasulat na pagpapatunay ng pagsusuri ng iyong anak** na isinulat sa letterhead at nilagdaan ng nagsuring praktisyoner. Para sa mga kapansanan sa paningin at pandinig, kailangang natukoy sa dokumento ang katamtamang (o mas malaki) kapansanan,
- **katibayan ng kalagayan sa pagiging residente** (kung saan naaangkop); at
- **katibayan ng tirahang address** na maaaring ang kamakailang utilities bill, rates notice o kapareho nito .

IKA-3 HAKBANG Sulat ng Pagpapakilala

Kapag nakumpirma ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak ikaw ay bibigyan ng isang *Sulat ng Pagpapakilala*. Kailangan mong ipakita ang Sulat na ito sa bawat tagapagbigay-serbisyo kapag ikaw ay dumalo sa iyong unang appointment. Ito ay nagkukumpirma ng iyong pagiging karapat-dapat para sa pondo ng Maagang Interbensyon at nagpapahintulot sa tagapagbigay-serbisyo na ma-access ang impormasyon ng iyong anak sa DSS Online Funding Management System (FOFMS) at mai-submit ang mga kahilingan para sa kabayaran.

Pakitago ang sulat na ito - hindi dapat gumawa ang mga tagapagbigay-serbisyo ng mga kopya nito nang walang pahintulot mula sa iyo.

IKA-4 na HAKBANG Pag-access sa mga Serbisyo

- Bago mo simulang gamitin ang iyong pondo ng Better Start, maaaring makatulong na gumawa ng appointment upang makita ang doktor ng iyong anak para sa paggawa ng plano ng paggamot at pangangasiwa. May makukuhang ilang bagong mga bagay sa Medicare upang suportahan ang inisyatibang ito (mangyari lamang na magtanong sa iyong Tagapayo ng RIS para sa polyetong pang-impormasyon ng Medicare tungkol sa mga bagay na maaaring magamit ng iyong anak).
- Kapag nag-aaccess ng *Better Start Early Intervention Service Provider* kailangan mo silang abisuhan na ang iyong anak ay nagpatala upang tumanggap ng pondo para sa maagang interbensyon ng Mahusay na Panimula.
- Maaari mong makita ang online na listahan ng mga tagapagbigay-serbisyo ng Maagang Interbensyon ng Mahusay na Panimula sa pamamagitan ng pagbisita sa: **www.dss.gov.au/betterstart**
Kung ikaw ay walang access sa internet ang iyong Tagapayo sa Serbisyo ng Pagpapatala at Impormasyon ay maaaring magbigay sa iyo ng listahang hardcopy.

IKA-5 HAKBANG Mga Karapatan at Kabayaran

Maaaring ma-access ng iyong anak ang aabot sa halagang **\$12,000** pondo para sa maagang interbensyon hanggang siya ay umabot sa edad na 7 (**ang lahat ng mga bata ay kailangang magpatala bago sumapit ang kanilang ika-6 na kaarawan upang ma-access ang pondo**).

- Sa pondong ito, hindi hihigit sa **\$6,000** ang maaaring gastusin sa anumang isang pampinansyang taon.
- Makukuha mo ang pondo hanggang sa umabot ang iyong anak sa edad na 7, o kapag ikaw ay umabot na sa limit na **\$12,000**, alinman ang maunang mangyari.
- Ang pondo para sa maagang interbensyon ay **hindi ibinabayad nang direkta sa iyo**. Hindi mo kailangang mag-claim upang maibalik ang ibinayad para sa mga serbisyong ibinigay sa iyong anak. Sa halip, kailangan kang papirmahin ng bawat Tagapagbigay-serbisyo ng *Better Start Early Intervention sa Consent to Claim Payment Form* para sa mga serbisyo. Ang pagpirma sa form na ito ay nagpapahintulot sa tagapagbigay-serbisyo na mag-claim ng kabayaran mula sa DSS para sa mga serbisyong ibinigay sa iyong anak.

IKA-6 NA HAKBANG Pagbili ng mga Kagamitan

- Maaaring gamitin ang aabot sa halagang **\$4,200** (35%) ng pondo ng iyong anak upang makabili ng mga kagamitan o kasangkapang susuporta sa patuloy na paghahatid ng maagang mga paggamot sa mga sakit. Sa halagang ito aabot sa **\$2,100** ang maaaring gamitin sa anumang **isang pampinansyang taon**.
- Ang lahat ng mga kagamitan ay kailangang inirekomenda ng *Better Start Early Intervention Service Provider ng bata*, na direktang iuugnay sa mga serbisyo ng maagang interbensyon na ibinigay sa bata, at/o magbigay ng suporta para sa paghahatid ng mga interbensyon sa tahanan.

- Kapag natukoy at napagkasunduan ang pangangailangan para sa isang kagamitan o kasangkapan sa pagitan mo at ng iyong Tagapagbigay Serbisyo ng *Better Start Early Intervention*, maaaring bilhin ang bagay na ito ng tagapagbigay-serbisyo (o ikaw) at i-claim ang pagbabalik ng bayad mula sa DSS mula sa pondo ng bata sa Better Start.

IKA-7 HAKBANG Pagbabantay sa inilaang pondo para sa iyo

- Kapag nagsimulang gumamit ang iyong anak ng mga serbisyo ng Better Start ikaw ay padadalhan ng *Family Activity Statements* (FAS) mula sa DSS upang makatulong sa iyo sa pagbabantay sa iyong paggamit ng pondo.
- Ang Family Activity Statement (FAS) ay ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng email, gayunpaman kung ikaw ay walang email address ito ay ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo. Napakahalaga na ipaalam mo sa Tagapayo ng RIS Advisor ang anumang **mga pagbabago sa detalye ng kontak**. Sasabihin sa iyo ng FAS kung magkano ang iyong nagastos sa buwang iyon at gayundin tungkol sa iyong natitirang mga pondo. Mangyari lamang na tandaan na hindi ito palagi akma sa kasalukuyan dahil sa mga pamamaraan sa paghawak ng account ng iyong tagapagbigay-serbisyo, kaya maipapayo na gumawa ng sarili mong rekord ng pinansya sa resource na ibinigay sa pakete. Ang kagamitan (spreadsheet) ay ibinigay kasama ang iyong Sulat ng Pagpapakilala upang makatulong sa iyo sa **pagtatabi ng rekord ng iyong paggasta sa Better Start** at mga serbisyong ginamit.

IKA-8 HAKBANG Mga Tanong?

Kung ikaw ay may anumang mga tanong tungkol sa proseso ng pagpapatala, mangyaring huwag mag-atubiling kumontak sa iyong lokal na Tagapayo ng Serbisyo ng Pagpapatala at Impormasyon sa **1800 242 636**.



APPLICATION FORM PAGPAPATALA SA MAHUSAY NA PANIMULA (BETTER START) PARA SA MGA BATANG MAY KAPANSANAN

Kailangan mo ba ng mga serbisyo ng interpreter o tagapagsalin?

Hindi Oo, anong wika ang ginagamit mo? _____

Ang bata ba ay nagmula sa magkakaibang kultura at lengguwahe?

Hindi Oo, ano ang pinagmulan ng bata? _____

Saan mo narinig ang tungkol sa programa ng Mahusay na Panimula (Better Start)?

- Asosasyon ng mga Tagapag-alaga (Carers Association) Doktor (GP, pedyatrisyan atpb.) Internet
- Serbisyo ng Lokal na Pamahalaan Propesyonal ng Magkaalyadong Kalusugan Pahayagan
- DSS Kaibigan/kamag-anak/ibang magulang Radyo
- Organisasyong pang-disability Childcare/preschool
- Iba pa _____

Impormasyon sa Pagkapribado

Nabasa ko ang Pahayag sa Pagkapribado at nauunawaan na itatala ang aking impormasyon sa sistema ng DSS's Online Financial Management. Nauunawaan ko rin na ilalagay ng Asosasyon ng mga Tagapag-alaga (Carers Association) na nagtatala ng aking anak para sa programa ng Mahusay na Panimula (Better Start) ang aking mga detalye sa kamilang sariling database bilang isang tagapag-alagang pamilya.

(Pakilagda sa ibaba upang ipahiwatig na ikaw ay nagpapahintulot na makolekta ng mga Tagapag-alaga (Carers Association) ang iyong impormasyon.

Lagda: _____ Petsa: ____ / ____ / ____

Kung ikaw ay hindi makadalo nang personal sa appointment sa Tagapayo ng Serbisyo ng Pagpapatala at Impormasyon mangyari lamang na tiyaking maglakip ng mga kopya ng kinakailangang mga dokumento sa iyong nakumpletong Application Form. Kung ikaw ay dadalo nang personal sa appointment mangyari lamang na tiyaking magdala ng mga kopya ng mga dokumentong ito.

Checklist para sa Aplikasyon	Oo	Hindi	Nakapagbigay ka na ba ng mga kopya:	Oo	Hindi
Nakumppleto mo na ba ang: Application form?			Katibayan ng edad ng bata?		
Client Consent form? (DSS Consent form na ipinadala kasama ng paketeng ito)			Katibayan ng tirahan? Diyagnosis ng Bata?		
CRN ng bata?			Katibayan ng pagiging residente? (saanman naaangkop)		

ANG MGA APLIKASYON AY HINDI MAAARING IPROSESO NANG HINDI KUMPLETO ANG SUMUSUPORTANG DOKUMENTASYON.



APPLICATION FORM PAGPAPATALA SA MAHUSAY NA PANIMULA (BETTER START) PARA SA MGA BATANG MAY KAPANSANAN

Mga Detalye ng Bata

Unang Pangalan: _____ Apelyido: _____
 Petsa ng Kapanganakan: _____ Centralink Customer Reference Number: _____
 Kasarian: Lalaki Babae Bansa ng Kapanganakan: _____

Kalagayan sa pagiging residente

Mamamayan ng Australia Permanenteng residente
 Iba pa (pakitukoy) _____

Ang bata ba ay may lahing Katutubo at/o Torres Strait Islander?

Hindi Oo - Katutubo Oo - Torres Strait Islander Oo - Pareho Mas gustong hindi ito sagutin

Mga Detalye ng Magulang/Tagapag-alaga

Magulang/Tagapag-alaga 1

Unang Pangalan: _____ Apelyido: _____
 Relasyon sa bata: _____ Mobile: _____
 Email: _____ Suburbiya/bayan: _____
 Tirahan: _____ Ibang Telepono: _____
 State & Post Code: _____

Magulang/Tagapag-alaga 2

Unang Pangalan: _____ Apelyido: _____
 Relasyon sa bata: _____ Mobile: _____
 Email: _____ Suburbiya/bayan: _____
 Tirahan: _____ Ibang Telepono: _____
 State & Post Code: _____

Ang bata ay nasuring may (pakipili kung ano ang naaangkop)

- | | | |
|---|--|--|
| <input type="checkbox"/> Angelman syndrome | <input type="checkbox"/> Bingi at bulag (Deafblindness) | <input type="checkbox"/> Microcephaly |
| <input type="checkbox"/> Cerebral palsy | <input type="checkbox"/> Down syndrome, kabilang ang mosaic Down syndrome | <input type="checkbox"/> Prader-Willi syndrome |
| <input type="checkbox"/> CHARGE syndrome | <input type="checkbox"/> Fragile X syndrome na may ganap na mutation, kabilang ang mosaicism | <input type="checkbox"/> Smith-Magenis syndrome |
| <input type="checkbox"/> Cornelia de Lange syndrome | <input type="checkbox"/> Kapansanan sa Pandinig | <input type="checkbox"/> Kapansanan sa Pangingin |
| <input type="checkbox"/> Cri du Chat syndrome | <input type="checkbox"/> Kabuki syndrome | <input type="checkbox"/> Williams syndrome |

Nagsasalita ka ba ng Ingles bilang mas gustong lengguwaha sa bahay?

Hindi Oo